# Sa Mundong Disente't Dalisay

Miguel Paolo P. Reyes*

*Dito, hindi sila naghiwa-hiwalay.*

Nilinya ang mga presong nakadilaw na uniporme't nakaposas sa likod ng mga bigshot ng Quezon City Police District. Lima sila, pawang mga maiitim na nasa pagitan ng buto't balat at mala-macho dancer ang hubog ng katawan. Bahagyang binuhat ni Chief Superintendent Rene Aseniero ang kanyang inuupuan palapit sa lamesang kaharap niya. Sinilip niya ang mga papeles na nakapatong sa lamesa. Tiningnan niya sa mata ang mga tagapagbalita na nakaupo sa harap niya, katabi ng mga cameraman. Sa likod niya, may litrato ni Madam Presidente, nanlilisik ang mga mata subalit may ngiting tulad ng sa inang mapag-aruga.

"Ladies and gentlemen, we're pleased to announce—that last night, we apprehended five members of the kidnap-for-ransom group known as the Ronald Alvarado Gang, the prime suspects for the kidnapping and murder—'ahrm'—of businessman Christian Charleston Ty. Witnesses have positively identified—"

Kumurap-kurap ang mga ilaw. Nang nagbalik normal na ang liwanag sa kuwarto, tsinek ng mga taga media kung naapektuhan ang kanilang equipment ng panandaliang pag-anomalya ng kuryente. Umubo si C/Supt. Aseniero. Binuksan niya ang kanyang bibig para ipagpatuloy ang kanyang salaysay. Walang tunog na lumabas sa kanyang bibig; biglang may mga pulang linya na lumitaw sa kanyang mga mata habang siya'y hinihimatay. Sabay-sabay na tumulad sa kanya ang mga pulis na nakapuwesto sa kanyang kanan at kaliwa, lahat ng mga tagapagbalita't karamihan ng mga kasama nilang cameraman, karamihan sa mga

nakalinyang preso, at ang mga pulis na naka-gwardya sa mga lagusan. Tanging isang preso at isang cameraman lang ang natirang nakatayo sa loob ng "press room" sa QCPD headquarters.

"Keep rolling, boss," sabi ng preso. Sa grupo ng mga preso, siya ang pinakamarungis tingnan. Parang magkasunod na isinawsaw sa bleach at brown na dyobos ang kanyang tuyo't magulong buhok. May mga kalat-kalat na itim na tuldok sa kanyang mga pisngi. Naninilaw ang kanyang mga mata. May peklat siya mula sa kanyang ibabang labi hanggang sa baba niyang may balbas na kawangis ng sa kambing. May mga tato siyang mukhang anino ng ahas na nakapulupot sa pating sa magkabilang braso.

"Mukha namang hindi mo gustong tumakbo. Tutok ka lang sa akin." Sinabi iyon ng preso habang tinatanggal niya ang kanyang posas sa pamamagitan ng mala-karayom na panungkit. Kinuha niya ang baril ng natutulog sa harap niya. Ayaw naman nga talagang tumakbo ni Roman Crisologo, ang cameraman na kausap ng preso. Sanay siyang tuluy-tuloy na kunan ng video ang mga kakaibang pangyayari habang hindi malinaw sa kanya kung manganganib ang buhay niya o hindi; trabaho hangga't kayang magtrabaho. Siya ang cameraman na kumuha sa mga pangyayari sa loob ng bus ng mga turistang hinostage ng baliw na pulis noong nakaraang administrasyon. Noong interbyuhin siya ng mga news anchor (natural, ng network niya) pagkatapos na pagkatapos pabagsakin ng sniper ang hostage taker, kalmado niyang sinasagot ang paulit-ulit na tanong na "Natakot ka ba?" ng "Hindi naman po masyado."

"Live 'to, hindi ba?"

"Hindi e."

"Sigurado ka?" Kinapkapan ng preso si C/Supt. Aseniero. Pinasok ng preso ang kamay niya sa isang bulsa ni Aseniero't hinugot ang isang malaking smartphone ('yung kalalabas lang na mas mahal pa sa sariwang kidney ng desperadong magulang). Hinagis ng preso ang smartphone sa direksyon ni Roman. Nasalo ni Roman ang hinagis sa kanya. "Buksan mo 'yung TV niyan. May TV naman 'yan, di ba? Ah, saang network ka ba?—Di bale. Tingnan mo na rin 'yung ibang channel."

Sinunod ni Roman ang mga utos ng preso. Ang tanging palabas sa mga local na channel ay ang kinukunan ng kanyang camera.

"Live ano? Sige boss, pakisiguradong naka-focus sa akin. Okay na? 'ehem' Magandang gabi, mga kababayan! Ipakikilala sana ako ni Chief Superintendent Aseniero bilang si Adolf Alvarado, ang kapatid at number two ng Ronald Alvarado Gang. Pero hindi ako 'yun. Hindi mahalaga ang tunay kong pangalan. Ang dapat ninyong malaman ay dinampot lang kami ng mga pulis sa isang beerhouse noong isang linggo. Sabi nila, sasaktan nila ang mga mahal namin sa buhay at puputulin nila 'yung mga bayag namin—ah, pwede naman sabihin 'yun sa TV, di ba?—kung di kami pumayag na magpanggap na mga kriminal. Pinagbigyan naman namin 'yung pakiusap nila, pero hindi dahil natakot kami. Gusto lang namin talagang ma-TV!" Nakangising-aso ang preso habang nagsasalita.

"Kaunting patawa lang po 'yun. Ah, ganito po kasi 'yun, mga kababayan. Boss, cut away lang tayo ha? Pero tutok mo lang sa akin 'yung camera. Nakikita niyo po ang lalaking 'yan? 'Yan po si Ronald Alvarado." Tiningnan ni Roman ang palabas sa hawak niyang cellphone. Nakita niya ang isang lalaking natutulog ng mahimbing sa kama sa loob ng isang kuwartong mukhang pang-motel. "Tama ang mga pulis, siya nga po ang kumidnap kay Christian Charleston Ty. Pero hindi nila siya mahuli-huli. Bakit? Korapsyon? Kakulangan ng matitinong tauhan at armas? Magaling lang talaga silang magtago? Magic? Sa totoo lang, hindi ko rin po alam. Pero di bale na—sila na lang ang bahala."

Pagkatapos magsalita ng preso, may lumapit kay Ronald Alvarado na taong nakabalot sa puti: puting helmet na pang-motorsiklo na nakasara, puting jacket na naka-zipper hanggang leeg, puting guantes na hanggang siko, puting pantalon na may mga punong bulsa sa magkabilang binti, at puting botas na umaabot hanggang sa ilalim ng tuhod. May punyal na lumabas sa likod ng kanyang kanang palad. Ibinaon niya ang punyal sa tuktok ng ulo ni Ronald Alvarado. Bumalik sa presong kinukunan ni Roman ang palabas.

"Ayan, patay na si Ronald Alvarado! Ang bilis ano? At habang nagsasalita ako—ay putsa, pasensya na, nakalimutan kong sabihin 'babala sa mga manonood, sensitibo ang mga susunod na imaheng aming ipapalabas!'—ayos lang naman 'yun di ba?—Anyway, habang nagsasalita ako, inuubos na namin ang buong Ronald Alvarado Gang. Ah, boss, paki-focus naman sa likod mo 'yung camera." Sumunod si Roman sa preso. Nakunan niya ang pagbukas ng mga pintuang kanina'y nakalock sa loob. Isa-isang nagsipasok ang mga taong nakabihis tulad ng sa pumatay kay Ronald Alvarado, bawat isa may kargang bangkay na pinagsasaksak sa likuran. Binagsak ng mga nagsipasok ang mga bangkay katabi ng mga nakahandusay na kasama ni Roman sa media.

"O, boss, balik na sa'kin. Ayan, ladies and gentlemen, todas na po ang Ronald Alvarado Gang! Ngayon, ganito po ang mangyayari: simula bukas hanggang Biyernes, pupuksain po namin ang krimen dito sa Metro Manila. Wala pong biro, ha! Mula snatcher hanggang drug lord, matutulad sa mga nakita ninyo kanina. 'Yung iba, may taning na; meron pong nakamamatay na bersyon nung binigay namin sa mga nasa headquarters na 'to na naipainom na namin sa ilang kriminal. Bukas, magsisimula na po silang atakihin sa puso."

Napatingin si Roman sa kasama niyang tagapagbalita. Humihinga pa naman siya. May katabi nga siyang humihilik na cameraman.

"'Yun lang naman po ang gusto kong sabihin. Sige na, mga teleserye naman! Magandang gabi po muli, mga kababayan! Boss, cut na." Inilagay ni Roman sa standby mode ang kanyang camera. "Hay. Natapos din. Halika na boss, sumama ka sa amin. Kakailanganin ka namin ulit sa Sabado. Okey lang naman sa'yo magtrabaho para sa amin, di ba?"

Tinitigan lang siya ni Roman.

"Ayos! Tara, naghihintay 'yung sasakyan natin sa labas."

Tumalikod si Roman. Wala na ang mga taong nakaputi. Pinauna niyang lumabas ang preso. Habang naglalakad palabas, napansin ni Roman na hinimatay ang lahat ng nasa loob ng headquarters ng pulis. May mga nakahandusay sa sahig. May mga nakapatong ang ibabaw na bahagi ng katawan sa mga lamesa, katulad ng posisyon nila tuwing lunch break (o, para sa ilan, mula alas tres hanggang alas singko).

Isang malaking kotseng pula na walang plaka ang naghihintay sa kanila sa labas ng QCPD headquarters. Inilagay ni Roman ang kanyang camera sa baul ng kotse. Una siyang sumakay sa likod ng sasakyan. Sa harapan umupo ang preso, katabi ng driver na kasama sa mga all-white ang bihis. "Ah, pasensya na boss ha, susuotan ka muna namin nitong maskara. Relax ka lang. Masarap matulog kapag may suot na ganito, ha ha!" Sinuotan si Roman ng manipis na maskarang itim. Hindi siya nahirapang huminga, pero wala siyang makita't marinig. Naramdaman niyang umandar sila. Naramdaman din niyang tinurukan siya sa braso ng karayom. Unti-unting nawalan ng malay si Roman.

*Dito, pinagpatuloy nila ang kanilang sinimulan.*

Sa unang araw pagkalipas ng pag-ubos sa Ronald Alvarado Gang, bumaba ang krimen sa Kalakhang Maynila. Gayunpaman, pinagpatuloy pa rin ng isang grupo ng mga holdaper ang kanilang balak na mang-holdap ng isang convenience store bago magtanghaling tapat. Nagkunwaring costumer na bibili ng mamahaling alak ang isa sa kanila. Habang inaabot ng kahera ang alak sa pinakatuktok ng istante sa likod niya, pumasok ang dalawa pang holdaper kasama ang sekyung tinututukan nila ng baril. Inilock ng mga holdaper ang pintuan sa harap ng convenience store. Pinadapa ng dalawang holdaper ang dalawang manininda at ang gwardya habang pinapabukas ng pangatlong holdaper ang cash register.

Bumukas bigla ang pintuan. Lumipad paloob ang bangkay ng lookout ng mga holdaper. Pumasok ang tatlong taong nakaputi. Pinagbabaril sila ng mga holdaper. Naubos ang bala ng mga holdaper, pero nakatayo pa rin ang mga kalaban nila. Tig-isang may sinunggabang holdaper ang tatlong taong nakaputi. Pinatumba nila ang mga holdaper sa sahig at pinagsasakal ang mga ito. Nangitim ng husto ang mga mukha ng mga holdaper bago tuluyang nalagutan ng hininga.

Nakunan ang buong pangyayaring iyon ng mga CCTV ng convenience store. Katulad ng kuha sa loob ng QCPD headquarters noong nakaraang araw, sabay-sabay na ipinalabas ang nasabing footage ng CCTV—live at walang putol—sa lahat ng lokal na channel nang gabing iyon.

Napanood din ng buong bansa ang isang maikling video ng mga bangkay ng mga pusher na lumulutang sa swimming pool ng isang condominium. Matutukoy na mga pusher sila dahil lumulutang sila kasama ng sangkatutak na pakete ng shabu at libu-libong piraso ng limandaan at isang libong piso.

Kinabukasan, sinubukang tumakas ng ilang mga kriminal palabas ng Maynila. Bago lumubog ang araw, ang magkabilang expressway papunta sa mga probinsya ay nagmistulang war zone. Duse-dosenang kotseng tadtad ng mga bala ang kaharap ng mga toll gate. Maghahatinggabi na nang tumigil ang pagdanak ng dugo ng mga pasaherong bangkay ng mga kotseng iyon.

Inutusan ng pangulo ang mga kawal na magpatrolya sa Maynila at hulihin ang lahat ng makitang balot-sa-puting tao (maraming sundalo ang nadestino sa paligid ng bahay ng mga kamag-anak ni presidente). Ngunit simula ng araw na iyon, wala nang sighting ng mga mala-multong pumapatay. Gayunpaman, hindi tumigil ang pag-akyat ng body count ng

mga kriminal sa Maynila. Sa gabing iyon, sunud-sunod na nakaramdam ng paninikip ng dibdib ang mga batang snatcher na hindi naman nakakakain ng kahit anong pagkaing pampabata. Mangilan-ngilan sa kanila'y binawian ng buhay kasabay ng kanilang mga kunsintidor na magulang.

Noong ikatlong araw ng masaker ng mga kriminal sa Maynila, narinig ang paulit-ulit na sigaw na "ikulong niyo na kami, parang awa niyo na!" mula sa daan-daang taong dumagsa sa mga kulungan ng lungsod. Wala nang pakialam ang mga kriminal kung hindi na sila makagalaw sa loob ng mga selda. Naniwala silang hindi na sila gagalawin ng mga misteryosong mamamatay-tao kung magpakita sila ng pagsisisi. Di lumayo sa mga presinto't kulungan ang mga nangangatog na kriminal noong mapuno na ang lahat ng selda sa Metro Manila.

Alastres noong araw na iyon, nagsimulang bumula ang bibig ng mga matagal nang nakakulong na mga preso. Namula ang kanilang mga mata. Pinagkakagat nila ang mga bago nilang kakosa. Butas ang mga leeg. Ngatngat hanggang maputol ang mga braso. Nagsitakbuhan palabas ng mga presinto't kulungan ang lahat ng mga hindi nakakulong. Pagsapit ng dapit-hapon, may mga citizen journalists na pumuslit sa loob ng Bilibid. May kakaibang halimuyak silang naamoy mula sa mga kulungan, mala-ilang-ilang at pinipig. Hindi angkop ang bangong iyon sa imahe ng mga kulungan na nagmukhang katayan: punung-puno ng mga putul-putol na bangkay at mga nangingisay na halimaw na mapupula ang mata't nakanganga ang bibig na puno ng duguang ngipin.

Sumapit ang Biyernes. Tahimik ang Kamaynilaan. May katawan ng paring nangmomolestya ng mga sacristan sa hagdanang paakyat sa kanyang parokya. May nang-hit-and-run na kolehiyala na natagpuang patay sa parking lot ng isang mall, pinaghahataw ng mga binili niyang bag (marami siyang nabili kasi unang araw ng three-day sale). Nagkaroon ng sangkatutak na vacancy sa mga ahensya ng gobyerno. At noong 11:55 ng gabing iyon, sabay-sabay na lumiyab ang mga katawan ng mga driver ng taxi na nangangalikot ng metro.

Ngunit ang tanging congressman na namatay simula Lunes ay namatay dahil sa sakit na matagal na niyang tinutugis. Buhay pa ang mga senador na mahilig kumupit ng pang-negosyo sa kaban ng bayan. Kahit si C/Supt. Aseniero na nagre-recruit ng mga lasenggo para magpanggap na bigtime na kriminal ay buhay na buhay pa—maihi-ihi nga lang habang naglalasing oras-oras simula noong maging aswang ang mga preso ng Maynila.

*Dito, hindi nagtago ang mga dati nang lantad.*

Habang nangyayari ang mga masaker, nakakulong si Roman sa isang kwarto, kung saan niya nagising pagkatapos ng byahe niya sa ilalim ng karimlan at katahimikan. Kama at higanteng TV lang ang laman ng kwartong iyon. Napapanood niya ang balita tungkol sa mga patayan, kadalasan habang kumakain ng kanin at ulam na pinapasok sa isang maliit na butas sa ibabang bahagi ng pinto ng kanang selda. Minsan napupuna niyang hindi magandang kumuha ang mga may hawak ng kamera. Kaya ba ako nandito para turuan sila ng tamang pagkuha? tanong ni Roman sa kanyang sarili.

Natantsa ni Roman kung ilan ang pinatay sa Maynila noong mga nakaraang araw base sa panggabing balita. Mahigit-kumulang walumpu't walong libo lang naman, kasama na iyong mga naabo sa mga biglaang lumiyab na drug den at mga smuggler na di umano'y kinain ng mga naglipanang pating sa Manila South Harbor.

Sabado ng umaga nang muling nagkita sina Roman at ang preso, na nakadilaw na uniporme pa rin. Pareho na silang mukhang hindi naliligo.

"Kumusta na, Roman! Okey lang naman tawagin kitang Roman, di ba? Halika, may ipapakita ako sa iyo."

Sumunod si Roman sa preso. Tumawid sila sa isang tulay na bakal. Sa ilalim ng tulay, daan-daan ang mga taong nakaputi. Ang ilan sa kanila, walang helmet. Kitang-kita ang kanilang mga bungong bakal. Ang dalawa sa kanila ay kinakabitan ng ulo ng dalawang matatandang lalaki.

Pagkarating nila sa kabilang dulo ng tulay, pumasok sila sa isang malaking laboratoryo. Kung anu-anong tubo't bote na may lamang iba't ibang kemikal ang dinaanan nila. May walong kwartong nakapaloob sa salamin sa loob ng laboratoryo. Sa loob ng isa sa mga kwartong iyon ay isang matandang babae na may kaharap na laptop habang naghahalo ng mga nakaboteng kemikal.

Nakarating sila sa isang mala-sinehan na kwarto. May nakaupong nakaputing robot sa karamihan ng mga upuan. "Dun tayo sa harap, Roman. May nakareserba sa atin dun." Inalok ng isang nakaputing robot si Roman ng popcorn noong nakaupo na siya. Kinuha ni Roman ang inaalok sa kanya't nagsimulang kumain.

"Kain lang, unli-popcorn dito. Inumin? Anong gusto mong panoorin? Kahit ano p'wedeng panoorin dito. TV, CCTV footage, video galing sa lahat ng cellphone at tablet sa Maynila, bagong download na series, lahat! Dati, puro pelikula tungkol sa giyera ang pinapanood ko dito. Noong naumay na ako sa giyera, mga gangster naman." Tumigil dumaldal ang nagsasalita. Tinitigan niya si Roman. Saka lang napansin ni Roman na may mga peklat malapit sa mga mata ng kumakausap sa kanya. Alam niyang bakas ang mga iyon ng operasyon upang palakihin ang mata.

"Mahilig ako sa patayan. Obvious ba? Ha ha! Kaso ayaw ko ng patayan na walang saysay. 'Yung ginawa namin, kailangan 'yun. Pag unti-unti lang 'yung namamatay na maliliit na kriminal, wala, ibabalita, pagkatapos kakalimutan. Alam na alam mo 'yun! Pag sabay-sabay silang namatay, mas pansin ng masa na sila lang ang namamatay—hindi 'yung mga talagang demonyo."

Inabutan ng isang robot ang preso ng cellphone. Tahimik lang na nakinig ang preso sa kausap niya bago niya ibaba ang telepono. Habang hindi nagsasalita ang preso, tiningnang mabuti ni Roman ang palabas. Napanood niya ang isang nakagapos na lalaki—singkit ang mga mata't mala-porselana ang kutis (na narungisan ng ilang pasa)—na tinututukan ng armalite ng dalawang nakahelmet na pang-motorsiklo, sa isang malawak na damuhan, na base sa ilaw, ay bukang-liwayway noong kinuha. May sinigaw ang nakagapos na lalaki, na hindi nakuha ni Roman dahil walang audio. Mistulang mula sa ilalim ng lupaing pinagtatamnan ng damo, dahan-dahang lumitaw ang mga nakaputing robot at pinagsasaksak ang mga may hawak ng baril.

"Handa na raw 'yung pinapagawa kong anaesthesia. Para sa akin, hindi para sa iyo. Baka sabihin mo, 'ano nanaman ituturok mo sa akin?' ha ha!" Tumahimik muli ang madaldal; sa higanteng tabing, nakita ni Roman ang kanyang walang putol na kuha ng hostage crisis sa Luneta noon. "Magaling ka talaga sa camera, Roman. Wala ka pang takot. Alam kong *wala kang kakayahang matakot*. Alam mo bang 'yung ginamit ko sa QCPD headquarters na pampatulog, hindi gumagana sa katulad mo?"

Inabutan si Roman ng isang robot ng nakaclip na mga papel. Natanto niyang isang iskrip ang hawak niya.

"Maganda ba? Ako'ng nagsulat niyan! Natural, ako rin 'yung bida. Pwede mo namang bagu-baguhin nang kaunti. Basta pag nagsasalita ako, tutok lang. Pag 'yung climax na, tutok lang. Wag mo na problemahin kung

maayos 'yung transmission, siguradong maayos 'yan, kita sa lahat ng channel. At wag kang mag-alala sa equipment. May mga camera ako ditong mas makabago pa sa kahit anong camerang nahawakan mo!"

Sa pagkakaintindi ni Roman sa iskrip, makakaalis na siya pagkatapos niyang gawin ang gusto ng preso. Malamang, kakapanayamin na naman siya ng mga tagapagbalita ng kanyang network. Posibleng pilitin din siyang tumestigo sa isang imbestigasyon sa Senado. Kung anuman, hindi na niya mararanasan ang katahimikan. Naalala niya ang mga matandang nagtratrabaho para sa preso; sa tantsa niya, mukha namang nabubuhay silang hindi salat sa pang-araw-araw na pangangailangan at libangan, kumpleto sa mga kagamitang kailangan nila para sa kanilang mga kinagigiliwang gawain, nagtatrabahong nakabukod sa magulo't maingay na mundo.

"Kailan natin 'to gagawin?" tanong ni Roman sa preso.

*Dito, hindi nila naranasan ang tagumpay.*

Nandoon silang lahat—si Roman, ang preso at ang kanyang mga tauhan—sa isang maliit na kwartong silya't lamesa lang ang laman. Umupo ang preso sa silya. Tumingin siya sa direksyon ni Roman na nasa likod ng camera. Sinenyasan ni Roman ang preso na p'wede na siyang magsimula. Sa likod ng preso, may litrato ni Madam Presidente, nanlilisik ang mga mata subalit may ngiting tulad ng sa inang mapag-aruga.

"Magandang gabi po, mga kababayan! Okey ba? Halos wala na pong kriminal sa Maynila! Alam ko po, may mga natira pa. Pasensya na po mga kababayan! Halos naubusan na po kami ng bala't lason e! Pero may bala pa naman po kami para pumatay ng isa pang kriminal. 'Yun bang makapangyarihan na may pinangakong gagawin, pero di naman ginawa. Sinungaling ba? Di ba kriminal po 'yun?"

Sumunod si Roman sa iskrip. Pihit sa kaliwa, pagkatapos, tracking shot ng mga lumalapit na nakaputing robot na may mga kargang armas.

"Sana natuwa po kayo sa paglilinis na ginawa namin. Kaya niyo rin 'yun! Tingnan ninyo kaming mabuti. Ganito po ang tamang paglilinis."

Sabay-sabay na nagpaputok ang mga nakaputing robot. Sinigurado ni Roman na nasa posisyon sila para matilamsikan ng dugo ang kanilang mga imaculadang baro. Noong maubusan na sila ng bala, tinutok ni Roman

ang camera sa butas-butas na katawan ng preso. Nag-zoom-in siya sa duguang ngiti ng kinukuhanan niya. Kunan nang matagal, sabi ng iskrip. Pagkalipas ng halos isang minuto, inilagay ni Roman sa standby mode ang kanyang camera.

*Dito, kagustuhan pa rin nila ang nanaig.*

**NOTE**

*Miguel Paolo P. Reyes is a University Research Associate of the Third World Studies Center, College of Social Sciences and Philosophy, University of the Philippines Diliman.